



Agosto 08, 2014

PANSANGAY MEMORANDUM

Blg. 373, s. 2014

**PANSANGAY NA PAINDIS-INDIS TALINO SA SAGISAG KULTURA, QUIZ BEE,
AT PATIMPALAK SA PAG-AWIT NG ISAHAN (SOLO) AT DALAWAHANG TINIG
(DUWETO)**

**Para sa: Assistant Superintendents
Education Supervisors/Coordinators
District Supervisors/OICs
Elementary and Secondary School Heads**

1. Ang Tanggapang ito ay nagbabalita ng pagkakaroon ng **Pansangay na Painsdis-Indis Talino sa Sagisag Kultura, Quiz Bee at Patimpalak sa Pag-Awit ng Isahan (Solo) at Dalawahang Tinig (Duweto)**. Ito ay gaganapin sa Agosto 29, 2014 sa Consolacion National High School at SM Consolacion, Cebu.
2. Ang Painsdis-Indis Talino sa Sagisag Kultura sa Sekundarya, at ang Quiz Bee sa Elementary ay sabay-sabay na gaganapin mula 8:00 n.u. hanggang 10:00 n.u. sa Consolacion National High School, habang ang Patimpalak ng Pag-awit Isahan at Pag-awit Duweto ay gaganapin sa SM Consolacion mula 10:00 n.u. hanggang matapos.
3. Ang makalahok sa Painsdis-Indis Talino sa Sagisag Kultura sa Sekundarya ay yaong unang tatlong (3) nagwaging pangkat sa bawat area, at ang Quiz Bee sa Elementary ay ang unang limang (5) nanalo sa bawat area. Ang patimpalak sa pag-awit Isahan at Dalawahan ay yaong unang tatlong (3) nagwagi sa bawat area. Samakatuwid, ang kabuuang kalahok sa Pansangay Painsdis-Indis Talino sa Sagisag Kultura ay labingdalawang(12) pangkat sa sekundarya, at dalawampu (20) sa elementarya sa larangan ng Quiz Bee. Samantala, ang kabuuang kalahok sa Pag-awit ng Isahan ay labingdalawa (12), at gayundin sa sekundarya na may labingdalawang(12) pangkat sa Pag-awit ng Duweto.
4. Para sa Pansangay na patimpalak ng Quiz Bee inaasahang ang District Subject Specialists (DSS) sa pinagdarausan ng kompetisyon sa bawat area ng antas sa elementarya ay magsusumite ng sampung katanungan sa bawat kategorya- mahirap, katamtaman, at madaling katanungan, bago magaganap ang Pansangay na Quiz Bee. Ang petsa sa pagbibigay ng inyong mga katanungan ay ngayong Agosto 27, 2014 kay Gng. Rosemary Oliverio dito sa Pansangay na Kagawaran ng DepED. Samantalang ang katanungan sa Pansangay na Paines-Indis Talino sa Sagisag Kultura para sa sekundarya ay naihanda na.
5. Inaasahang ang mga sasali sa Painsdis-Indis Talino sa Sagisag Kultura, at Quiz Bee ay nakasuot ng uniporme samantalang ang mga kalahok sa pag-awit ay nakagayak Filipiniana (babae't lalaki). Kinakailangang magdala ng gitara at gitarista ang mga kalahok at maaaring gumamit din ng CD o anumang instrumento bilang pansabay sa awitin.

6. Ang Area Level sa Paindis-Indis Talino sa Sagisag Kultura, Quiz Bee, at Pag-awit ng Isahan at Dalawahan ay gaganapin sa mga sumusunod na eskedyul at lugar:

Area	Level	Petsa	Lugal Na Pagdarausan	Pangulo Sa Bawat Area
HILAGANG SILANGAN	Elementarya	Agosto 22, 2014	Cordova CS	
	Sekundarya	Agosto 26, 2014	Liloan NHS	Barcelisa R. Pepito
HILAGANG KANLURAN	Elementarya	Agosto 22, 2014	Tuburan CS	
	Sekundarya	Agosto 22, 2014	San Remegio NHS	Genalyn M. Oporto
TIMOG KANLURAN	Elementarya	Agosto 22, 2014	Alegria ES	
	Sekundarya	Agosto 26, 2014	Montaneza NHS	Pamela A. Naraga
TIMOG SILANGAN	Elementarya	Agosto 26, 2014	Kawayan CS	
	Sekundarya	Agosto 22, 2014	Argao NHS	Suzette Pintor

7. Maaaring kontakin ang mga Pangulo sa bawat area para sa mga katanungan at materyales sa bagong Paindis-Indis Talino sa Sagisag Kultura.

8. Karagdagang impormasyon ay ang sumusunod na mga pangalan ng bagong opisyal ng Samahan ng mga Guro sa Filipino –Cebu Province (SAGUFIL) para sa kanilang Panunumpa sa Katungkulan na gaganapin sa mismong araw. Ang mga sumusunod:

- Pangulo : Eugenia Solon - Daanbantayan NHS
- Pangalawang Pangulo: Gina Semblante - Consolacion NHS
- Kalihim : Begonia Tecson -Minglanilla Science HS
- Ingat Yaman : Barcelisa Pepito -Compostela NHS
- Awditor : Genalyn Oporto -San Remegio NHS
- P.I.O. : Suzette Pintor -Dalaguete NHS (Timog Kanluran Area)
- : Pamela Naraga -Montaneza NHS (Timog Silangan Area)
- : Emelda Ecarma -Arcelo NHS (Hilagang Silangan Area)
- : Marites Suganob -Bantayan NHS(Hilagang Kanluran Area)

9. Ang butaw ng bawat kalahok ay nagkahahalaga ng Isang Daan at Limampung Piso (Php 150.00) na gugugulin para sa mga medalya at perang gantimpala sa mga magsisipagwagi, honorarium sa lupon ng inampalan, sertipiko, pagkain at iba pang gastusin na may kaugnayan sa nasabing patimpalak ay maaaring manggagaling sa pondong local/MOOE/PTA at iba pang mapagkukunan na sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

10. Ang memorandum na ito ang magsisilbing Travel Order ng mga kalahok.

11. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ARDEN D. MONISIT, Ed.D.
Schools Division Superintendent

